# Kinumpirma ng QC Mayor 351 close contact ng na-UK variant tukoy na

Balita · 13 Feb 2021 · 2 · Ni JOSEPH PEDRAJAS

Natukoy na ng Quezon City government ang 351 nakasalamuha ng isang lalaking dating overseas Filipino worker na nahawaan ng United Kingdom (UK) variant.

Ito ang pahayag ni City Mayor Joy Belmonte at sinabing kabilang sa mga ito ang isang Grab driver na sinakyan ng naturang pasyente mula Maynila patungo sa isang apartment sa lungsod kung saan ito nakaquarantine.

Paliwanag ng alkalde, walo sa mga ito na may sintomas ng coronavirus disease 2019 (COVID19) ay sumasailalim na sa home quarantine.

Aniya, nasa 105 kabuuang indibidwal ang isinailalim na sa Swab test.

“However, the results will still come out today. So it’s only today that we will know whether these suspects are positive,” aniya.

“If so and then there’s an evidence of clustering [of cases], then I will recommend a lockdown in the area,” pagdidiin ni Belmonte na ang tinutukoy ay ang “depressed community” ng Riverside sa Bgy. Commonwealth kung saan nakaquarantine ang naturang pasyente.

Sinabi pa nito na na-contact na nila ang Grab driver na sumundo sa pasyente mula sa isang hotel sa Sta. Cruz, Maynila at naghatid din sa kanya sa isang apartment sa lungsod.

“Hopefully, matapos na natin ang swabbing today...Since we have swabbed members of the community, it is a protocol na hindi muna sila dapat lumabas ng bahay,” ayon naman kay City Epidemiology and Surveillance Unit chief Dr. Rolly Cruz.

Matatandaang nitong Miyerkules (Pebrero 10) lamang nadiskubre na nasa Quezon City na pala ang 35anyos na tubong Liloan, Cebu na nahawaan ng UK variant.

Ang pasyente ay dumating sa bansa noong Agosto ng nakalipas na taon mula sa Korea kung saan ito nagtatrabaho.